



Exhibit A sa Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan No. 2020-17 (inisyu 6/13/20)

Pinakamahusay na Kasanayan para sa mga Tindahan na Negosyong May Bentahan at Serbisyo sa Loob ng Tindahan

Bilang karagdagan sa paghahanda, pagpapaskil, at pagpapatupad ng Protokol sa Social Distancing na kinakailangan sa Seksyon 6 at subseksyon 15.h ng Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-07e (ang “Stay-Safe-At-Home Order”), ang bawat Negosyong Tindahan na nagpatakbo sa Lungsod ay dapat sumunod sa bawat rekesito na nakalista sa ibaba at maghanda ng isang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan sa kabuuang ayos ng Exhibit B, sa ibaba.

Mga Rekesito:

1. Seksyon 1 - Mga Rekesito Para sa mga Tindahan na Nagbebenta ng Kalakal at Serbisyo sa Loob ng Tindahan

- 1.1.** Para mabawasan ang bilang ng kostumer na pumapasok sa pasilidad, lubos na hinihikayat ang mga Tindahan na bukas para sa operasyon sa loob ng tindahan, na magpatuloy na magbigay ng mga alternatibo sa pamimili. Halimbawa, dapat ikonsidera o husayin ng bawat Tindahan ang mga polisyang nagbibigay ng curbside pickup (o pagkuha ng pamimili sa bangketa) at pag-drop-off ng mga paninda, pag-iskedyul ng mga appointment, paghahatid ng kalakal, at e-commerce. Kailangang magpatuloy ang mga Tindahan na may curbside pickup o drop-off sa Pinakamausay na Kasanayan para sa pagbebenta sa bangketa na nakasaad sa Direktiba 2020-10b (at mga anumang darating na pagbabago sa direktibang iyon) para sa mga ganoong operasyon.
- 1.2.** Gumawa ng kinakailangang pag-aayos sa layout ng Tindahan para siguraduhin ang tamang paggawa ng social distancing (o pagdidistansya sa isa’t-isa). Maaaring kasama sa pagbabago ang paggamit ng magkaibang pinto para sa pagpasok at paglabas ng pasilidad; paggawa ng one-way na pasilyo; pagdagdag ng mga marka sa sahig para makatulong sa social distancing; paglagay ng pagitan na anim na talampakang distansya o higit pa ang mga rack at istante; pagsa-stagger ng mga terminal ng point of sale (o pagbabayad); o pagpapalapad ng mga lugar na mataas ang trapiko.
- 1.3.** Pag-adjust ng mga patakaran tungkol sa maximum or pinakamataas na kapasidad base sa laki ng pasilidad para malimitahan ang bilang ng mga tao (kasama ang mga kostumer at Tauhan) nang maatim ang kung anong **mas mababa** sa: (1) 50% ng normal na pinakamataas na kapasidad ng pasilidad o (2) ang bilang ng mga taong may kakayahan na palaging manatili na anim na talampakang distansya o higit pa sa isa’t-isa sa loob ng pasilidad.

- 1.4.** Magtatag ng protokol at sanayin ang mga Tauhan sa madalas at ligtas na paglilinis ng pasilidad sa paraan na sumusunod sa mga rekesitong nakasaad sa Protokol sa Social Distancing (na nakasaad sa Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-07e, inisyu noong Hunyo 1, 2020 at mga anumang darating na pagbabago sa kautusang iyon) (ang “Social Distancing Protocol”). Lubos na hinihikayat ang mga Tindahan na mag-adjust ng kanilang oras ng negosyo para magkaroon ng karagdagang oras para sa paglilinis.
- 1.5.** Siguraduhin na sumusunod ang mga kostumer at Tauhan sa Protokol sa Social Distancing. Sa minimum man lamang, ang Tindahan na Negosyo ay dapat:

 - 1.5.1.** Atasan ang mga Tauhan na sumunod sa Panakip-Mukha (na nakasaad sa Kautusan sa Kalusugan Blg. C19-12b na inisyu noong Mayo 28, 2020, at mga anumang darating na pagbabago sa kautusang ito) (ang “Face Covering Order”), madalas na hugasan ang mga kamay bago hawakan ang mga paninda, at panatilihin ang pisikal na distansya nang 6-na-talampakan o higit pa hangga’t maaari.
 - 1.5.2.** Magtatag ng nakatakdang lugar/pilahan na mayroong marka sa sahig bilang palatandaan ng 6-na-talampakang distansya para sa mga parokyano.
 - 1.5.3.** Gumawa ng gabay para sa direksyon ng pagdaraan kung saan posible (hal. Magkaibang pasukan at labasan para sa mga parokyano, pilahan para sa mga banyo).
 - 1.5.4.** Payuhan ang mga kostumer na kailangan nilang sundin ang Face Covering Order.
- 1.6.** Magtatag ng pamamaraan para sa ligtas ng paghawak at pagdisimpekta ng mga isinauli na paninda na maaaring linisin nang ligtas, tulad ng paninda na may matigas, non-porous o hindi butas-butang na paibabawan. Kailangang madisimpekta ang mga bagay na ito sa paraan na sumusunod sa mga rekesitong nakasaad sa Protokol sa Social Distancing. Ikonsidera ang paghikayat sa mga kostumer na ipadala ang mga panindang isasauli o papalitan sa pamamagitan ng delivery service para mabawasan ang hindi kinakailangang pag-uugnayan. Kung posible, kailangang ibukod ng mga Tindahan ang mga isinauling paninda na hindi maaaring madisimpekta nang dalawampu’t-apat na oras bago ibalik ito sa sahig ng bentahan.
- 1.7.** Limitahan ang bilang ng mga kostumer na naghihintay sa pila para pumasok sa Tindahan, sa kahit anong oras, sa bilang na nagpapahintulot ng kostumer at Tauhan na madaling panatilihin ang anim na talampakang distansya sa isa’t-isa at nagpapahintulot ng sapat na espasyo para sa ligtas na pagbibigay-daan sa taong naglalakad sa lahat ng oras.
- 1.8.** Bigyan ang mga kostumer ng akses sa hand sanitizer, tulad ng hand sanitizer na malapit sa mga pasukan at labasan at sa rehistro o iba pang lugar ng point-of-sale (pagbabayad). Maglagay ng karatula sa loob ng tindahan na hinihikayat ang mga kostumer na gamitin ang hand sanitizer bago hawakan ang mga paninda.

Kailangang lubusang hinihikayat ng karatula na huwag hawakan ng mga kostumer ang mga paninda kung hindi kinakailangan at hawakan lamang ang mga paninda kung interesado silang bilhin ito. Kailangang madalas dinidismpekta ng mga Tauhan ang mga paninda at iba pang madalas na hawakan na paibabawan na maaaring linisin nang ligtas, sa paraang naaayon sa pagsunod sa rekesito na nakasaad sa Protokol sa Social Distancing.

- 1.9. Pagbawalan ang mga kostumer sa pagsampol ng mga produkto sa sarili, sa loob ng tindahan, tulad ng mga pabango, makeup, o produkto para sa pag-aalaga ng balat at buhok. Maaaring payagan ng Tindahan ang mga Tauhan na magbigay ng mga sampol ng mga produktong hindi-nakakain, pero pinapayagan lamang ito kapag maaaring magbigay ng mga sampol habang napananatili ang distansya nang anim-na-talampakan sa pagitan ng Tauhan at ng mga kostumer at gamit ang single-use, materyales na disposable, tulad ng mga plastik na aplikator at lalagyan.
- 1.10. Ikonsidera na isara ang mga banyo ng pasilidad sa mga kostumer. Kung mananatiling bukas ang banyo sa mga kostumer, kailangang sumunod ang Tindahan sa mga rekesito ng pagdidismpekta ng Protokol sa Social Distancing. Lubos na hinihikayat ang mga Tindahan na subaybayan ang paggamit ng mga banyo sa pamamagitan ng pagpapatupad ng pangangailangan ng susi para sa akses o pagbabantay ng tauhan na malapit sa banyo.
- 1.11. Kailangang magtatag ang Tindahan ng pamamaraan sa pagsanay ng mga Tauhan para turuan sila ng mga rekesito para sa paglilinis at pagdistansya sa isa't-isa. Lubos na hinihikayat ang mga Tindahan na magbigay ng pagsasanay sa mga paraan para sa de-escalation sa mga kostumer na ayaw sumunod sa Protokol sa Social Distancing o Face Covering Order (Kautusan ng Pagtatakip ng Mukha).

2. **Seksyon 2: Mga Espesipikong Rekesito sa mga Tindahan na Nagbebenta ng mga Pananamit o Iba Pang Bagay na Nailalagay sa Katawan**

- 2.1. Ikonsidera na isara ang mga fitting room sa mga kostumer. Kung mananatiling bukas ang mga fitting room, kailangang sundin ng mga Tindahan ang sumusunod na hakbang sa pag-iingat:
 - 2.1.1. Bigyan ang mga kostumer ng hand sanitizer sa loob o malapit sa fitting room at atasan ang paggamit nito bago at pagkatapos sukatin ang mga damit.
 - 2.1.2. Siguraduhing madalas dinidismpekta ang mga fitting room, kasama na ang paglinis ng lahat ng non-porous o hindi butas-butang na paibabawan, sa paraan na sumusunod sa gabay sa paglinis na nakasaad sa Protokol sa Social Distancing.
 - 2.1.3. Kung may kurtina ang fitting room na hindi madalas na dinidismpekta, ikonsiderang palitan ito ng ibang uri ng panakip na maaaring madismpekta.

2.1.4. Magtalaga at sanayin ang Tauhan na tumulong sa mga fitting room para siguraduhin ang tamang pagdisimpekta.

2.2. Atasan ang mga kostumer na magsuot ng Panakip-Mukha habang isinusukat nila ang mga pananamit.

2.3. Pagkatapos sukatin ng kostumer ang pananamit, kung hindi ito binili ng kostumer, kailangang ibalik sa Tauhan para sa paglinis o pagdisimpekta, hangga't maaari. Halimbawa, lubos na hinihikayat ang mga Tindahan na i-steam-clean ang mga pananamit bago ibalik ito sa sahig ng bentahan.